# Mga Kontribyutor

Si **Bb. Regine G. Abines** ay nagtapos ng Batsilyer ng Edukasyong Pangwika sa Filipino sa Pamantasang Normal ng Pilipinas–Mindanao taong 2022.

Nagtuturo ng mga kurso sa panitikan, wika at kultura bilang Kawaksing Propesor sa Kagawaran ng Filipinolohiya ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Sta. Mesa, Maynila si **Jomar G. Andaya**. Nagsisilbi rin siyang Hepe ng PUP Center for Philippine Studies. Ilan sa kaniyang mga malikhaing akda at sanaysay ay napabilang sa mga antolohiya at journal tulad ng *Bisig*, *Entrada*, *Agos Journal*, *Agwat-Hilom Anthology*, at *Kawing Journal*. Nagtapos ng AB Filipinolohiya at MA Filipino sa PUP at kasalukuyang kumukuha ng programang PhD in Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas–Diliman. Kasapi siya ng Concerned Artist of the Philippines, PUP Chapter.

Si **Bb. Mary Jane O. Agohot** ay nagtapos ng Batsilyer ng Edukasyong Pangwika sa Filipino sa Pamantasang Normal ng Pilipinas–Mindanao noong ika-23 ng Agosto taong 2022. Siya ay nagkamit ng akademikong parangal bilang Magna Cum Laude. Siya ay naging iskolar ng Provincial Government of Agusan del Sur Scholarship Program mula taong 2018–2022 at benepisyaryo ng CHED Tertiary Education Subsidy (TES) Program mula taong 2020–2022.

Si **Bb. Rydyll Mae S. Alcontin** ay nagtapos ng Batsilyer ng Edukasyong Pangwika sa Filipino sa Pamantasang Normal ng Pilipinas–Mindanao noong ika-23 ng Agosto taong 2022. Siya ay nagkamit ng akademikong parangal bilang Magna Cum Laude. Siya ay naging benepisyaryo ng CHED Tulong-Dunong Program mula taong 2020–2022.

Si **Bb. Rosette Balubal Balisi** ay kasalukuyang guro at Coordinator ng HUMSS Strand sa Colegio San Agustin, Lungsod ng Makati. Siya ay kasalukuyanng kumukuha ng kursong Doktor sa Pilosopiya sa Araling Filipino, Wika, Kultura at Midya sa Pamantasang De La Salle, Lungsod ng Maynila. Siya ay nagtapos ng kaniyang Master of Arts in Teaching Literature, Filipino Stream sa Pamantasang Normal ng Pilipinas noong 2018 at nagtapos din sa nasabing pamantasan ng Bachelor in Secondary Education Major in Filipino at mayroong Certificate in Teaching Reading Program noong 2011.

Si **Dr. Guadalupe Balubal-Cagurungan** ay kasalukuyang Punongguro sa Andarayan Elementary School sa Solana, Cagayan. Siya ay isa ring manunulat at contextualizer ng mga akdang nakasulat sa Ibanag at Itawes. Siya ay nagtapos ng Doctor of Philosophy in Education Major in Educational Management sa University of Cagayan Valley, Lungsod ng Tuguegarao noong 2013.

Si **Dr. Fe Bermiso** ay nakapagtapos ng kaniyang Bachelor in Elementary Education , with specialization in English Language Teaching Streams noong Marso 29, 1990 sa Philippine Normal College–Agusan Campus, Prosperidad, Agusan del Sur. Nakapagtapos ng Master of Arts in Educational Management sa Agusan Colleges , Butuan City noong March 1995. Naging iskolar ng PNU-CHED Scholarship Project mula Tag-init 2001-Abril 2003 sa digring Master sa Sining ng Filipino sa Pamantasang Normal ng Pilipinas Manila. Nagtamo ng kaniyang doktorado sa Pilosopiya ng Filipino sa Mindanao State University–

Copyright © 2023 by De La Salle University

Iligan Institute of Technology sa taong 2019 bilang Best Dissertation Awardee. Siya ay Professor VI ng Pamantasang Normal ng Pilipinas–Mindanao. Nagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral ng Panlahat na Edukasyon at mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino. Naging tapagsanay sa mga guro ng Filipino (Baitang 8, 9, at 10) sa DepEd kaugnay sa implementasyon ng programa ng K–12, at naging kasapi sa ilang propesyonal na organisasyon ng mga guro sa Pilipinas. Siya ay nakapaglathala ng mga artikulo sa jornal ng edukasyon na *The Modern Teacher* sa mga paksa gaya ng (1) Lesson Plan in Science Grade VI (1996); (2) Banghay-Aralin sa Pagtuturo ng Filipino, Ikatlong Baitang (1998); (3) Banghay-Aralin sa Pagtuturo ng Edukasyong Pampalakas ng Katawan V (1998); (4) Banghay-Aralin sa Pagtuturo ng Sibika at Kultura III (2000); (5) Banghay-Aralin sa Pagtuturo ng Filipino V (2000); (6) Perceived Influences of PNU Laboratory School on Its Graduates (2001); (7) Multi-Level Elementary Mathematics Assessment Test (2001); (8) Semi-Detailed Lesson Plan in Teaching Mathematics for Grade V (2001); (9) Constructivist Approach in Teaching Science IV (2003); (10) Aralin sa Pagbabagong Morpoponemiko (Aralin sa Antas Kolehiyo) (2003); (11) Integratibong Aralin sa Filipino, HEKASI, at EKAWP (2004); at (12) Banghay-Aralin sa Pagtuturo ng Filipino 6 (Utilizing Concept Attainment Strategy) (2004). Nakapaglathala rin siya ng mga papel pananaliksik sa *Trail Blazer*, ang Institutional Research Journal ng PNU–Mindanao, ng kaniyang pananaliksik gaya ng (1) Paghahanda ng Isang Prototype na Lagumang Pagusulit Para sa mga Mag-aaral sa Unang Taon sa Tersyarya (2003); at (2) Magkamay-ong: An Analysis of Butuanon and Filipino Language Cognates (2015), (3) Kaemag, Wuhig, Pasak Duw Guyanganan (Air, Water, Land and Forests): The Manobo Eco-Literatures in Preserving Nature (2018) na kaniyang naipalathala sa *The Normal Lights* na isang refereed journal of education; (4) Can indigenous eco-literatures help in preserving nature?(2019) na inilathala ng Educational Policy Research and Development Center (EPRDC); (5) Hulagway ng Pagwasak sa mga Ekopanitikan ng mga Manobo (2020) na nailathala sa *Hasaan,* Jornal ng Pananaliksik sa Unibersidad ng Sto. Tomas; at Mga Kasangkapang Pampanitikan sa mga Eko-Panitikang Manobo Tungo sa Paglinang ng Eko-Literasi, sa *Multicultural Education Journal* ng Pamantasang Normal ng Pilipinas–Mindanao.

Si **G. Janrose M. Evangelio** ay nagtapos ng Batsilyer ng Edukasyong Pangwika sa Filipino sa Pamantasang Normal ng Pilipinas–Mindanao noong ika-23 ng Agosto taong 2022. Sa kaniyang pagtatapos ay nagkamit ng akademikong parangal bilang Magna Cum Laude. Siya ay naging iskolar ng DBP Resources for Inclusive and Sustainable Education (RISE) mula taong 2018–2022.

Si **G. Ariel S. Gongora** ay nagtapos ng Batsilyer ng Edukasyong Pangwika sa Filipino sa Pamantasang Normal ng Pilipinas–Mindanao noong ika-23 ng Agosto taong 2022. Siya ay nagkamit ng akademikong parangal bilang Magna Cum Laude. Siya ay naging iskolar ng Provincial Government of Agusan del Sur Scholarship Program mula taong 2018–2022 at benepisyaryo ng CHED Tertiary Education Subsidy (TES) Program mula taong 2020–2022.

Si **Ferdinand P. Jarin** ay kasalukuyang estudyante ng PhD Araling Pilipinas - Wika, Kultura, Midya ng Departamento ng Filipino, CLA ng De La Salle University. Siya rin ay Assistant Professor sa Division of Humanities, CAS ng University of the Philippines–Visayas sa Miagao, Iloilo.

Si **Roberto E. Javier Jr.** ay nagsimulang magturo noong 1993 sa De La Salle University, Maynila, naging dating Chair, at ngayo'y Full Professor ng Departamento ng Sikolohiya. Siya ay Rehistradong Sikolohista (RPsy), panghabambuhay na kasapi at naging Kadiwa ng Lupon (Board Member) ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP), Trustee ng Board of Trustees ng AIDS Society of the Philippines (ASP), miyembro ng Psychological Association of the Philippines (PAP) at naglingkod na Trustee ng Association of Faculty and Educators of De La Salle University. Natapos siya ng PhD sa Clinical Psychology at ng MA na parehong may gawad na Magna Cum Laude. Ang kaniyang mga aklat na nailathala ng De La Salle University Publishing House ay *Pakikipagkapwa: Pilipinong Lapit sa Pananaliksik*

(2012), *From Exceptionality to Exceptional: Inclusion of Differently Abled Persons in the Workplace* (2014), at *Seasons in Parenting: Studies on Parents' Life Stories and Parenting Achievements* (2015). Siya ang may tangan sa mga Professorial Chair, na John Gokongwei Sr. sa Asian Studies (2005–2006), Charles Lui Chi Keung sa China Studies (2006–2007), Fausto Gonzales Y Sioco sa Local Government (2009–2010) Exaltacion C. Ramos sa Tests and Measurements (2014–2015) at ang PAGCOR sa Human Development (2015–2016). Ilan sa mga pag-aaral niya ang tungkol sa kalusugan at sikolohiya—*counseling* sa HIV *testing*, *health literacy, early child development, aging* at *social pension,* at *employement of mentally disabled persons*. Ilan din sa mga nagawan niya ng mga riserts ay ang mga ahensiya: Australian Aid Agency, UNICEF, WHO, Population Commission, Help Age International, Unilab Foundation, AIDS Society of the Philippines. Ambag niya sa literatura ng Sikolohiyang Pilipino ang pagpapaunlad ng pamamaraang pakikipagkuwentuhan sa pananaliksik. Clinical psychologist din siya sa Magpantay Clinic sa St. Luke's Medical Center sa Quezon City. Sa panahon ng pandemyang COVID-19, kasama siyang *psychological intervention specialist researcher* sa proyekto ng DOH Research Institute for Tropical Medicine at Tohoku University-Japan para sa *mental health and psychosocial support* ng mga *healthcare provider* at *health worker* sa mga ospital. Nagsilbi rin siyang Counseling Psychologist ng isang attached agency ng National Economic Development Authority para sa Covid Response nitong programang mental health para sa kanilang mga nasa *civil service*.

Si **Lynette V. Mandap** ay nagtapos ng kaniyang Master of Arts in Philippine Studies – Language, Culture, Media sa De La Salle University–Maynila at Bachelor of Secondary Education Major in Filipino naman sa Pamantasang Normal ng Pilipinas. Siya ay naging guro rin sa Divine Light Academy at San Beda College–Alabang. Kasalukuyan niyang kinukuha ang kaniyang PhD in Philippine Studies - Language, Culture, Media sa DLSU–Maynila habang nagtuturo sa Senior High School sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Muntinlupa.

Dating fellow sa W.E.B. Du Bois Institute, Harvard University, si **Prof. E. San Juan, Jr.** ay emeritus professor sa English, Comparative Literature at Ethnic Studies, Washington State University at Bowling Green State University. Naging Professorial Chair, Polytechnic University of the Philippines, at visiting professor sa University of the Philippines. Kabilang sa mga bagong libro niya ang *Maelstrom Over the Killing Fields* (Pantax/Popular Bookstore), *Carlos Bulosan* (Peter Lang), *Faustino Aguilar* (U.S.T. Publishing House), *Kontra-Modernida*d (University of the Philippines Press), at *Peirce's Pragmaticism* (Lexington Books). Ilulunsad ng U.S.T, Publishing House ang libro niyang *LUALHATI BAUTISTA, Nobelista,* sa huling dako ng taong ito.

Si **Raquel E. Sison-Buban** ay Associate Professor ng Departamento ng Filipino ng De La Salle University–Maynila. Siya rin ang Pangulo ng organisasyong PATAS (Propesyonal na Asosasyon ng mga Tagasalin at Tagapagtaguyod ng Salin) at nanilbihan bilang Pangalawang Puno ng Sub-komiteng Tagapagpaganap ng NCCA - NCLT (National Committee for Language and Translation). Ang kaniyang mga pananaliksik at publikasyon ay pawang nakatuon sa praktika ng pagsasalin at sa mismong Araling Pagsasalin. Sa kasalukuyan, siya ang Direktor ng DLSU SALITA (Sentro sa Pagsasalin, Intelektwalisasyon, at Adbokasiya). Nagtapos si Rakki ng BSE medyor sa Filipino sa Pamantasang Normal ng Pilipinas (cum laude) at ng PhD Ladderized Program sa Filipino, medyor sa Pagsasalin sa DLSU–Maynila (with high distinction).

# Panawagan para sa Kontribusyon sa Malay

Isyu para sa Buwan ng Disyembre 2023, Tomo XXXVI, Blg. 1

## Tunguhin

Ang *Malay*, isang multi/interdisiplinaryong journal sa Araling Filipino ng Pamantasang De La Salle–Manila (DLSU–M) na internationally refereed at abstracted, ay naglalayong maglathala ng mga lathalain tungkol sa mga usapin at dalumat kaugnay ng wika, kultura, at mass media na nagsusulong ng intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. Tumatanggap din ng mga sulatin sa Ingles at iba pang wika na isasalin sa wikang Filipino. Tanging ang salin sa Filipino ang ilalathala.

## Detalye ng Paglilimbag

Inililimbag ang *Malay* makalawa isang taon sa pamamahala ng De La Salle University Publishing House ng Pamantasang De La Salle–Manila. Bilang multi/interdisiplinaryong journal, nagtatampok ito ng mga papel, riserts, at artikulong naglalahad ng mga kaisipan at kaalaman mula sa Araling Filipino na may tuon sa wika, kultura, at mass media. Ang mga ideya, opinyon, at paninindigan ng mga may-akda ay kanilang pananagutan at hindi sumasalamin sa mga pagkukuro at patakaran ng mga patnugot, ng kaguruan, o ng pangasiwaan ng Pamantasang ito.

## Proseso ng Pagrerebyu

Ang mga lathalain ay nirerebyu ng mga miyembro ng Internasyonal na Lupon ng mga Patnugot at ng iba pang kilalang iskolar sa kani-kanilang disiplina. Ang bawat artikulo ay nirerebyu ng dalawang iskolar. Sa pagkakataong may magkasalungat na pagpapasya ang naturang dalawang rebyuwer, ito ay pagpapasyahan ng mga editor. Ang buong prosesong ito ay isinasagawa nang hindi nalalaman ng may-akda kung sino ang rebyuwer ng kaniyang artikulo, at gayundin, hindi ipinakikilala sa rebyuwer kung sino ang may-akda ng kaniyang nirerebyung artikulo.

Mula rito, muling nirerebyu ng Punong Patnugot ang mga nakapasang lathalain mula sa mga naunang nagrebyu nito. Ang mga lathalaing nangangailangan ng medyor na rebisyon ay ibinabalik sa mga may-akda para sa mga kahingian ng mga rebyuwer. Ang mga may-akda ng mga papel na hindi matatanggap ay padadalhan ng liham na maglalaman ng mga puna at komento ng mga nagrebyu. May karapatan ang mga Patnugot na maging pag-aari ang kopya ng lahat ng papel na ipinasa.

## Detalye ng Pagsusumite

Ang mga papel (riserts, artikulo, rebyu) ay kailangang nakasulat sa Filipino. Sakaling nasa ibang wika, isasalin ito sa Filipino at tanging ang salin ang ilalathala. Kailangang hindi pa nailalathala o naisumite para sa konsiderasyon sa ibang publikasyon o journal ang mga papel na ipapasa para dito. Isang 200–250 salitang abstrak at limang susing salita, kapuwa nasa wikang Filipino at Ingles, ang hinihiling na kalakip sa papel na may 5,000 hanggang 7,000 salita (20–40 pahina). Ang titulo ng lathalain ay dapat na mayroon ding salin sa wikang Ingles.

Ang papel ay kailangang kompiyuterisado sa maikling bond paper na may isang pulgadang palugit sa lahat ng gilid, doble-espasyo, gamit ang font na Times New Roman at may laking 12-puntos, at maayos na naidokumento gamit ang MLA Seventh Edition.

Kailangang minimal ang mga dulong tala. Kung sakaling may larawan o ilustrasyong bahagi ng submisyon,

ang file ay kailangang nasa format na jpeg. Hinihiling ang malinaw na kopya. Kailangan ding may kapsiyon at karampatang pagkilala sa pinaghiraman o may-ari/may-likha ng larawan/ilustrasyon.

Ang pangalan ng awtor, tirahan, e-mail, at iba pang mahahalagang kontak ay kailangang nakasulat sa hiwalay na papel. Anumang pagkakakilanlan sa identidad ng awtor ay kailangang wala sa manuskrito. Sumulat din ng isa hanggang dalawang talatang bio-note para sa pagkakakilanlan ng may-akda.

Tinatanggap ang mga submisyon sa pamamagitan ng e-mail sa malayjournal@dlsu.edu.ph. Ipadala ang manuskrito at lahat ng kailangan kay Dr. Florentino Timbreza, Punong Editor; Dr. Rowell Madula, Ko-Editor; o kay Dr. Dolores Taylan, Tagapamahalang Editor, sa De La Salle University Publishing House, Yuchengco Hall, Room 601, Pamantasang De La Salle–Manila, 2401 Taft Avenue, Manila. Para sa iba pang impormasyon, maaaring tumawag sa (632) 8524-4611 loc 271 at hanapin si Ms. Joanne T. Castañares.